EMBASSY OF THE REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
SINGAPORE

EMBASSY ADVISORY
AD-032-2025

TATLONG ARAW NA LANG ANG ENROLLMENT
PARA SA OVERSEAS ONLINE VOTING

Tinatawagang pansin ng Embahada ang lahat ng mga registered Filipino overseas voters sa Singapore na mayroon na lamang **tatlong (3) araw** na natitira upang makapag-enroll for online voting. **Ang enrollment portal ay bukas lamang hanggang Miyerkules, 7 May 2025.**

Binibigyang diin ng Embahada na tanging mga registered Filipino overseas voters na nakapag-enroll para sa online voting ang maaaring makaboto sa #Halalan2025.

Ang halalan ngayong taon ay ginawang mas convenient at accessible para sa lahat. Lubusin ang pagkakataong makapag-enroll upang hindi na kailangang pumunta pa ng Embahada. Once nakapag-enroll na for online voting, maaari ka nang bumoto kahit nasaang lugar at kahit anong oras. Walong araw (8 days) na lamang ang nalalabi upang makaboto. Ang voting period ay magtatapos sa Lunes, 12 May 2025 at 7:00 PM.

Kung nakakaranas ng technical difficulties sa pagopen ng links mula sa inyong social media accounts, bisitahin lamang ang website ng Philippine Embassy in Singapore (https://www.philippine-embassy.org.sg/overseas-voting-for-2025-national-elections/) at pindutin ang button para sa Enrollment for online voting.

Inaasahan namin ang buong pakikipagtulungan at suporta ng ating Filipino Community sa Singapore sa matagumpay na #Halalan2025.

PHILIPPINE EMBASSY IN SINGAPORE
4 May 2025

EMBASSY OF THE REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
REPUBLIKA NG PILIPINAS
SINGAPORE

Temporary Office: Level 16, TripleOne Somerset, 111 Somerset Rd., Singapore 238164
20 Nassim Road, Singapore 258395 | **Tel no:** +65 6737 3977 | **Fax:** +65 6733 9544
Website: www.philippine-embassy.org.sg | **E-mail:** singapore.pe@dfa.gov.ph